


## Quezon City University, bahagi na ng ITSO 2.0 Network

Pormal na sinelyuhan ng Quezon City University (QCU) ang isang partnership agreement sa pagitan nito at ng Intellectual Property Office of the Philippines (IPOPHL) sa pagtatayo ng Innovation and Technology Support Office (ITSO) sa QCU, sa ginanap na memorandum of agreement (MoA) signing sa Executive Lounge, Quezon City, noong Abril 25, 2023.

Nanguna sa MoA signing si Mayor Joy Belmonte, ang chairperson ng QCU Board Regents, at si Atty. Rowel S. Barba, Director-General ng IPOPHL. Sumaksi din sa naturang aktibidad si Dr. Theresita V. Atienza, QCU President, at si Dir. Ralph Jervis Alindogan, Director IV, Documentation, Information and Technology Transfer Bureau.

## QCU ALCUCOA Level 1 Accredited na!




Apat na programa ng QCU ang nakatanggap ng Level 1 Accreditation mula sa Association of Local Colleges and Universities Commission on Accreditation (ALCUCOA). Ang mga programa na ito ay ang Bachelor of Science (BS) in Information Technology, BS Electronics Engineering, BS Industrial Engineering, at BS Entrepreneurship.

Sa pamamagitan ng accreditation na ito, naipapakita na ang QCU ay pasok sa standards ng ALCUCOA, matapos ang masusing evaluation period.

**ALAM MO BA?**

## QUEZON CITY SCHOLARSHIP PROGRAM

Ang Quezon City Scholarship Program ay nagbibigay ng financial assistance para sa mga estudyante ng lungsod. And programang ito ay may apat (4) na katergorya:

1. Scholarship for Senior High School Students
2. Scholarship for Tertiary Students
3. Scholarship for Post-Graduate Students
4. Scholarship for Vocational Courses Students

Para maging eligible sa programa, ang mag-aaral ay dapat (1) residente ng Quezon City at may QCitizen ID, (2) hindi tumatanggap o kabilang sa scholarship program mula sa ibang local government unit (LGU), at (3) enrolled/registered/accepted sa isang recognized education institution sa panahon ng pag-aapply.

Narito ang mga benepisyo na maaaring matanggap sa ilalim ng QC Scholarship Program:

| Scholarship Category | Scholarship Sub-Category | Tuition Fee Grant per School Year (Max Amount) | Stipend Per School Year (Max Amount) | Thesis / Dissertation Grant |
|---|---|---|---|---|
| Scholarship for senior high school students | | P10,000.00 | P4,000.00 | - |
| Scholarship for tertiary students | Academic Scholarship Rank 1- 2 | P80,000.00 | P32,000.00 | - |
| | Academic Scholarship Rank 3-10 | P50,000.00 | P20,000.00 | - |
| | Economic Scholarship | P10,000.00 | P4,000.00 | - |
| | Athletic and Arts Scholarship | P10,000.00 | P4,000.00 | - |
| | Youth Leaders Scholarship | P10,000.00 | P4,000.00 | - |
| | Specialized Courses Scholarship | P80,000.00 | P32,000.00 | - |
| Scholarship for postgraduate students | | P50,000.00 | P20,000.00 | P30,000.00* |
| Scholarship for vocational courses students | | P6,000.00** | - | - |

*Thesis/Dissertation grant is released one-time upon approval of policy/program proposals presented to the QCYDO.
**Scholarship grant for vocational courses students is released one-time

Para sa karagdagang impormasyon at updates, i-like at i-follow ang QC Youth Development Office (QC YDO) official Facebook Page **(facebook.com/QCYDO).** Maaari rin makipag-ugnayan sa kanilang opisina sa 7th floor, Civic Center A, Quezon City Hall Compound, Quezon City. Ang kanilang mga contact numbers ay **8988 4242 Loc. 8738 , 8707.** Maaari rin mag-send ng email sa **qcydo@quezoncity.gov.ph.**

Ibang Klase sa QC
**Inilathala ng QC Education Affairs Unit**

quezoncity.gov.ph qceservices.quezoncity.gov.ph depedqc.ph
QCGov qcu1994 depedqc

Volume 3 | Issue 1 | July 2023

# Ibang Klase sa QC

NEWSLETTER



## Quezon City nagtatag ng Learning Recovery Fund

Inaprubahan ni Mayor Joy Belmonte ang pagsasabatas ng ordinansang SP-3182 s. 2023 na itinatatag ang QC Learning Recovery Fund. Ito ay repository ng mga cash donations na sumusuporta isa iba't ibang learning recovery programs para sa mga pampublikong paaralan ng lungsod.

Ang pandaigdigang krisis sa edukasyon, na pinalala ng pandemya ng COVID-19, ay nagresulta sa learning loss ng mga mag-aaral. Ayon sa World Bank ang antas ng learning poverty sa Pilipinas ay nasa 90.9%, kung saan 9 sa 10 batang may edad na 10 ay hindi nakababasa at nakakaintindi ng isang simpleng teksto.

Ayon kay Mayor Joy, "A crisis of this magnitude requires all stakeholders to prioritize the needs and interests of our children." Hinihimok ng alkalde ang mga business groups at associations na maglaan ng investment sa mag mag-aaral dahil sila rin ang kanilang magiging katuwang sa hinaharap.

Para sa karagdagang impormasyon o sa mga nais tumulong, mag email sa education@quezoncity.gov.ph.

## Buhay na Buhay ang Bayanihan ng QCitizens Para sa Kilos Kyusi!

Inilunsad ng Quezon City Government ang Kilo/s Kyusi: Kilo Store ng Bayan, Tulong para sa Kinabukasan Charity Bazaar noong nakaraang July 17 - 21, 2023 na siyang nakalikom ng P1,031,250.00

Ayon kay Mayor Joy Belmonte, ang kikitain ng proyektong ito ay mapupunta sa Quezon City Learning Recovery Trust Fund para matustusan ang mga programa na tutugon sa learning loss sa mga pampublikong paaralan sa lungsod, gaya ng tutoring program. Ang nasabing programa ay naging posible sa pagtutulungan ng Quezon City Council, Small Business and Cooperatives Development and Promotions Office, Climate Change and Environmental Sustainability Department, at lahat ng departamento na nagdonate ng kagamitan para sa bazaar.




## Bida ang Galing ng Kabataang QC sa 2023 NCR Athletic Meet!

Pinagmamalaki ng Quezon City Government ang husay, sipag, at talento na ipinamalas ng kabataang QC sa larangan ng sports sa naganap na 2023 NCR Athletic Meet noong Abril 24-28, 2023. Sa nasabing palaro, nasungkit ng Quezon City ang top 3 sa division standing:

| | |
|---|---|
| Elementary | Top 1 |
| Secondary | Top 3 |
| Paragames | Top 3 |

Sa kabuuan, may 66 na gold medals, 60 silver medals, at 59 bronze medals ang naiuwi ng Team QC.

66 Gold | 60 Silver | 59 Bronze

Sa ating kabataang QC, mabuhay kayo!





## Prescription Eyeglasses para sa 6,000 mag-aaral

Upang matulungan ang mga mag-aaral na may vision problems, nagkaroon ng comprehensive eye examination at pamamahagi ng prescription eyeglasses sa mga mag-aaral ng Bagong Silangan ES, Bagong Silangan HS at San Bartolome HS. Anim na libong mag-aaral ang naging beneficiaries ng programang ito.

Ang programang ito ay naisakatuparan sa pamumuno ni Mayor Joy Belmonte at sa tulong nila Konsehal Mikey Belmonte (District 2), Konsehal Aly Medalla (District 2), at Konsehal Ram Medalla (District 5). Inaasahan na mas marami pang kabataaan ang makikinabang sa programang ito ngayong taon.





## Karapatan at Proteksyon ng Kabataan, Patuloy na Itinataguyod sa Quezon City

Sa pakikipagtulungan ng Lokal na Pamahalaan ng Quezon City sa World Vision Development Foundation, Inc. at Schools Division Office, nagkaroon ng training ang lahat ng public school principals at ilang mga private school principals patungkol sa Child Rights for the Special Protection of Children. Ang nasabing training ay bahagi ng Project Against Child Exploitation (ACE) ng World Vision. Ito ay ginanap mula March 9-10, 2023 sa Don Alejandro Roces, Sr. Science-Technology High School.



Ang layunin ng training na ito ay paigtingin ang kaalaman ng ating mga punong guro patungkol sa Child Rights at Worst Forms of Child Labor (WFCL) kasama na ang Online Sexual Abuse and Exploitation of Children (OSAEC) at violations of Acceptable Conditions of Work (ACW). Ang mahalagang output ng training na ito ay ang paggawa ng mga paaralan sa bawat distrito ng action plans at ways forward kung paano maiiwasan ang ganitong mga pangyayari sa kanila-kanilang mga paaralan.

## Senior High School Work Immersion katuwang ang Concentrix Philippines



Sa pakikipag-ugnayan ng lungsod sa IT & Business Process Association (IBPAP) at Concentrix Philippines, 564 na estudyante mula sa 10 QC Public Senior High Schools ang nakapag-enroll sa Immersion to Employment (I2E) Virtual Work Immersion Program noong SY 2022-2023. Sa ilalim ng programang ito, hinasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon at interpersonal skills. Umikot din sa mga piling paaralan ang Concentrix BPO Mobile Van upang bilang parte ng immersive experience ng mga estudyante sa business process outsourcing o BPO Industry.

Ang mahigit na 200 na mag-aaral na nakapagtapos ng work immersion ay siyang binigyang prayoridad sa pre-employment activities ng Concentrix. Inaasahan na ang programang ito ng ay maipagpapatuloy sa mga darating pang mga taon.

## 1,000 QC Public School Parents at Guardians nakinabang sa QC Essentials



Sa pangunguna ng Office of City Mayor katuwang ang QC Small Business and Cooperatives Development Promotions Office (QC SBCDPO), nabigyan ng QC Essentials Starter Kits ang 1,000 na mga magulang at guardians mula sa 41 QC public schools. Ang mga beneficiaries ay nakatanggap ng iba't ibang set na maaaring magamit sa pagsisimula ng negosyo tulad ng paggawa ng alcologne, vegetable at fish pickling, at meat processing.

Ang proyektong ito ay naglalayong mabigyan kaalaman at oportunidad ang mga magulang at guardians upang masuportahan ang mga pangangailangang pinansyal ng kanilang pamilya.

Kaisa rin sa inisyatibong ito ang QC Federation of Parent-Teachers' Association sa pamumuno ni Mr. Fernan Gana, Schools Division Office of Quezon City, Chairperson on Education, Science, and Teachnology, Councilor Aly Medalla, at mga kawani ng barangay.

## QC namahagi ng mga sasakyan para sa pampublikong paralan

Bilang karagdagang suporta sa ating mga paaralan, namahagi ang lokal na pamahalaan ng isang delivery van at 24 service vehicles para sa Schools Division Office at public Senior High Schools.



Noong August 15, 2022, nagkaroon ng ceremonial turn-over ng mga nasabing sasakyan. Ito ay ginanap sa QC Hall Compound na dinaluhan nila Mayor Joy Belmonte, kasama si Vice Mayor Gian Sotto, ating mga Konsehal at Head ng Education Affairs Unit, Maricris F. Veloso. Dumalo din ang Schools Division Superintendent Jenilyn Rose B. Corpuz at iba pang opisyal at representatives ng Schools Division Office at ating mga paaralan.

## Super Gabay

Sa pagtutulungan ng Quezon City Government, QC PTA Federation, at Teach for the Philippines (TFP), isinagawa ang Super Gabay training para sa mga magulang at guardians ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan ng lungsod.

Ang Super Gabay ay isang training series sa praktikal na kaalaman sa paggabay sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Layunin din ng training na ito na mapatibay ang ugnayan ng paaralan at tahanan para sa pagkatuto ng mga mag-aaral. mag-aaral. Ang Super Gabay training series ay binuo ng TFP katuwang ang Asian Development Bank (ADB) at Republic of Korea e-Asia and Knowledge Partnership Fund (EAKPF).



## Zero Illiteracy Pilot Program

Inilunsad ng lungsod ang Zero Illiteracy Program bilang pagtitibay sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagbilang.

Ang programang ito ay isa sa mga prayoridad na programa ni Mayor Joy Belmonte bilang tugon sa layunin ng lokal na pamahalaan na magbigay ng dekalidad at inklusibong edukasyon sa kabataan.

Katuwang ang Chalkboard Inc. sa pilot rollout ng programa, sumailalim sa reading tutoring sessions sa pagbasa ang 58 na mag-aaral ng Commonwealth Elementary School at Bago Bantay Elementary School. Sa simula ng programa, ang mga naturang mag-aaral ay itinuturing na "non-readers" kung saan karamihan sa kanila ay hindi nakikilala at hindi nabibigkas ang tunog ng karamihan sa mga letra. Pagkaraan ng 24 tutoring sessions sa loob ng dalawang buwan, malaking positibong pagbabago ang nakita sa ating mga mag-aaral kung saan sila ay naka babasa na ng simpleng teksto.